PAHAYAG NG PRINSIPYO PARA SA PANDAIGDIG NA PAGSUBAYBAY NG HALALAN

at

ALITUNTUNIN NG TAMANG PAG-ASAL PARA SA PANDAIGDIG NA TAGASUBAYBAY NG HALALAN

Ginunita noong ika-27 ng Oktubre, 2005 sa United Nations, New York

PAHAYAG NG PRINSIPYO PARA SA PANDAIGDIG NA PAGSUBAYBAY NG HALALAN at ALITUNTUNIN NG TAMANG PAG-ASAL PARA SA PANDAIGDIG NA TAGASUBAYBAY NG HALALAN

Ginunita noong ika-27 ng Oktubre, 2005 sa United Nations, New York

Mga Samahang Nagpahayag ng Pagsang-ayon:

African Union

Asian Network for Free Elections (ANFREL)

Association of Central and Eastern European Election Officials (ACEEEO)

Canadian Association of Former Parliamentarians (CAFP)

The Carter Center

Center for Electoral Promotion and Assistance (CAPEL)

Commonwealth Secretariat

The Congress of Local and Regional Authorities of the Council of Europe

Council of European Commission for Democracy through Law (Venice Commission)

Council of Europe – Parliamentary Assembly (PACE)

Democracy International

Democracy Reporting International

Economic Community of West African States (ECOWAS)

Electoral Institute of Southern African (EISA)

Electoral Reform International Services (ERIS)

European Commission

European Parliament

European Network of Election Monitoring Organizations (ENEMO)

European Parliament Former Members Association (FMA)

La Francophonie

IFES

International Election Monitors Institute (IEMI)

International expert Center for Electoral Systems (ICES)

International IDEA

Inter-Parliamentary Union (IPU)

International Republican Institute (IRI)

National Democratic Institute (NDI)

Organization of American States (OAS)

Organization for Security and Cooperation in Europe, Office of Democratic Institutions and Human Rights (OSCE/ODIHR)

Pacific Islands, Australia & New Zealand Electoral Administrators' Association (PIANZEA)

Pacific Island Forum

Southern African Development Community Parliamentary Forum (SADC-PF)

Sustainable Development Group International

United Nations Secretariat

United States Association of Former Members of Congress (USAFMC)

PAHAYAG NG PRINSIPYO PARA SA PANDAIGDIG NA PAGSUBAYBAY NG HALALAN

Oktubre 27, 2005

Ang tapat na demokratikong halalan ay tanda ng kasarinlan ng mga mamamayan ng isang bansa. Ito ay isang malayang pamamahayag na siyang batayan ng kapangyarihan at pagkakakilanlan ng isang pamahalaan. Ang karapatan ng mga mamamayan na maghalal at maihalal sa isang tapat na halalan ay kinikilalang karapatang pangtao sa buong daigdig. Ang pagdaos ng tapat na demokratikong halalan ay nagsisilbing matahimik na paraan ng pagpili at pagkilala ng mga mamumuno sa isang bansa, at mahalaga sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng bansa. Ang kinikilalang mga pamahalaan kung saan ang mga namumuno ay nagwagi sa isang demokratikong halalan ay may mas mababang pagkakataon na humarap sa mga pagsubok at paghamon sa kanilang liderato kay sa paraang hindi demokratiko.

Ang tapat na demokratikong halalan ay isang kinakailangang pasubali sa demokratikong pamamahala. Ito ang paraan upang ang mga mamamayan ay malayang makapagpahayag, ayon sa batas, ng kanilang pipiliin at bibigyan ng kapangyarihang mamuno, kumatawan para sa kanila at itaguyod ang pinakamakabubuti para sa kanila. Ang pagdaraos ng matagumpay na demokratikong halalan ay isa ring paraan ng pagpapatupad ng mas malawak na pagtatalaga ng demokratikong pamamahala. Samakatuwid, bagamat ang pagdaraos ng mga halalan ay kailangang sumunod sa mga gabay ng pandaigdig na demokratikong halalan, ang halalan ay pinapatupad din ayon sa pulitikal, kultural at makasaysayang kalagayan kung saan ito dinaraos.

Ang tapat na demokratikong halalan ay maidaraos lamang sa pagkilala sa karapatang pangtao at kalayaan ng mga mamamayan, ng walang diskriminasyon o pagtatangi ayon sa lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon na kinabibilangan, paniniwalang pulitikal, kinabibilangang bansa o antas ng lipunan, pag-aari, kapanganakan, kabilang na ang kapansanan, at ng walang mga batayan na mga pagbabawal. Tulad ng ibang mga karapatang pangtao at malawak na demokrasya, ang tapat na demokratikong halalan ay hindi maidaraos ng walang sinusundan na mga batas na siyang nagpapalawig at nagpapatupad nito. Ang mga ito ay kinikilalang karapatang pangtao, pati na rin ng mga pandaigdig na kasulatan, kabilang na ang mga pandaigdig na mga organisasyong may kinatawan ng iba't-ibang pamahalaan ng mga bansa. Ang pagdaraos ng matagumpay na tapat na demokratikong halalan ay, samakatuwid, mahalaga sa mga pandaigdig na organisasyon, at hindi lamang sa mga pambansang institusyon, iba't ibang pulitikal na mga partido, mamamayan, at mga organisasyong pangmamamayan.

Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan sa isang bansa ay naghahayag ng malasakit ng pandaigdig na pamayanan sa matagumpay na demokratikong halalan bilang bahagi ng paglawig ng demokrasya sa isang bansa, kabilang na ang paggalang sa karapatang pangtao at sa nasasaad sa batas. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay nagmamasid sa karapatang pangmamamayan at pangpulitikal . Ito ay kabilang sa pagsubaybay sa paggalang sa pandaigdig na karapatang pangtao, at sinasagawa ayon sa pinakamataas na batayang walang kinikilingang partido pulitikal, at malaya sa anumang pagsasaalang-alang ng mga bansang nagmamasid na maaaring sumalungat sa hindi pagkiling ng mga tagamasid sa anumang partido pulitikal. Ang mga tagamasid ay nagmamatyag sa pagsunod sa mga paraan ng halalan ayon sa pandaigdig na batayan para sa tapat na demokratikong halalan, at ayon sa batas ng may anyayang bansa. Kinikilala rin ng mga tagamasid na ang mga mamamayan ng isang bansa ang maghuhusga kung ang pamamaraan ng halalan ay tapat, matuwid at matagumpay na nairaos.

Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay maaaring makatulong sa pagpapalawig ng marangal na paraan ng halalan sa pamamagitan ng pagpigil at pagsisiwalat ng mga hindi pagsunod sa mga alituntunin, at sa pamamagitan ng pagsasaad ng mga payo sa pagpapabuti ng pamamaraan ng halalan. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay maaaring makatulong sa pagtaas ng tiwala ng madla sa halalan, pag-ibayo ng pagsali ng mamamayan sa halalan, at sa pagbawas sa maaaring mga kaguluhan na may kinalaman sa halalan. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay nakatutulong din sa higit na pagkakaunawaan ng mga bansa sa pamamagitan ng pagbabahagi sa bawat isa ng kaalaman at mga natutunan ukol sa pagpapalawig ng demokrasya.

Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay tanggap at kinikilala sa buong daigdig at nagsisilbing tagabahagi ng tapat at walang kinikilingang pag-aaral ng mga proseso ng halalan ng mga bansa. Ang tapat at walang kinikilingang pandaigdig na pagmamasid ng halalan ay sumusunod sa mga pinagkakatiwalaang pamamaraan at may pakikipag-ugnayan sa mga pambansang pamahalaan, pambansang mga partido pulitikal, lokal na mga organisasyong nagmamasid ng halalan, at ng iba pang kinikilalang pandaigdig na tagasubaybay ng halalan. Ang mga pamahalaan ng mga bansa at mga pandaigdig na pribadong organisasyon na kumikilala at nagtataguyod ng Pahayag na ito at ng Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan ay nagpapahayag na:

1. Ang tapat na demokratikong halalan ay isang pagpapahayag ng kasarinlan ng mga mamamayan ng isang bansa, ng malayang pagpapahayag ng pagpili ng mga pinuno na magiging batayan ng kapangyarihan at pagka-ayon sa batas ng isang pamahalaan. Ang karapatan ng mga mamamayan na maghalal at ihalal sa isang nakatakdang panahon at tapat na demokratikong halalan ay kinikilala ng buong daigdig na karapatang pangtao. Ang pagdaos ng tapat na demokratikong halalan ay mahalaga sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan, at nagbibigay daan sa demokratikong pamumuno.

2. Ayon sa nasasaad sa Pandaigdig na Pamamahayag sa Karapatang Pangtao, sa Pandaigdig na Kasunduan sa Karapatang Pangmamamayan at Pulitikal, at ng iba pang pandaigdig na kasulatan, ang lahat ng mamamayan ay may karapatan at dapat mabigyan ng pagkakataon na lumahok sa pamahalaan at sa mga pampublikong kaganapan ng kanyang bansa, ng walang diskriminasyon na pinagbabawal ng pandaigdig na paniniwala ng karapatang pangtao, at ng mga walang batayang pagbabawal. Ang karapatang ito ay maaaring gamitin sa pamamagitan ng paglahok sa halalan, pagkakaluklok bilang nahalal na tagapaglingkod ng pamahalaan at ng iba pang pamunuan, o sa pamamagitan ng mga malayang napiling mga kinatawan.

3. Ang pagpili ng mamumuno ng mga mamamayan ng isang bansa ang batayan ng kapangyarihan ng mga pinuno ng pamahalaan, at ang pagpili na ito ay ginaganap sa pagdaraos ng nakatakdang halalan. Ang pagdaraos ng halalan ay nagbibigay ng karapatan at pagkakataon sa mamamayan na maghalal nang malaya at maihalal nang tapat sa pamamagitan ng pangkalahatan at pantay na halalan kung saan ang kanilang mga boto ay mananatiling lihim o kung saan sila ay makakaboto nang malaya. Ang resulta ng kanilang mga boto ay bibilangin nang tama, sa harap ng madla, at igagalang. Dahil dito, sama-samang mga karapatan, kalayaan, pamamaraan, batas at mga institusyon ang kaagapay sa pagdaraos ng matagumpay at tapat na demokratikong halalan.

4. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay: ang maayos, buo, at wastong paglikom ng kaalaman ukol sa mga batas, pamamaraan at institusyong may kinalaman sa pagdaos ng halalan at ng iba pang bagay na may kinalaman sa pangkalahatang pagdaos ng halalan; ang walang kinikilingan at matapat na pagsusuri ng mga kaalaman; ang pagbigay hinuha sa uri ng pamamaraan ng halalan ayon sa pinakamataas na mga batayan para sa makatotohanang kaalaman at walang kinikilingang pag-aaral. Ang pangdaigdig na pagmamasid ng halalan ay dapat, sa higit na makakaya, magbigay ng payo sa higit pang pag-angat sa katangalan at tagumpay ng mga pamamaraan ng bawat bahagi ng halalan. Dapat din siguraduhin na hindi ito makahahadlang sa pagpapatupad ng mga pamamaraan. Ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay: organisadong pagmamasid ng mga kinatawan ng mga pamahalaan at mga pribadong organisasyon ng iba’t ibang bansa.

5. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay sumusuri ng mga nagaganap bago mag halalan, sa araw ng halalan, at pagkatapos ng halalan sa pamamagitan ng masusing pagmamasid sa mahabang panahon gamit ang iba’t ibang paraan ng pagsusuri. Bahagi sa pag-aaral nito ang pagsuri sa ilang piling paksa bago maghalalan at pagkatapos ng halalan ng isang pangkat ng mga dalubhasa na kabilang sa mga dayuhang tagamasid. Ilang halimbawa ay ang pag-aaral ng pagkakahati ng mga distrito, pagrehistro ng mga botante, paggamit ng teknolohiya, at ang mga mekanismo para sa mga hinaing na may kinalaman sa halalan. Maaring magkaroon ng bukod na pangkat ng mga tagamasid para sa mas masusing pagsubaybay, sa kondisyong lilinawin nila sa publiko na ang kanilang

mga gawain at pag-aaral ay may limitasyon, at walang hatol ukol sa pangkalahatang paraan ng halalan. Ang lahat ng mga grupo ng tagasubaybay ay dapat tandaan na ilagay sa tamang kahulugan ang pagmamasid sa araw ng halalan. Ang pandaigdig na pagsubaybay sa halalan ay sumusuri ng pagpapatupad sa mga karapatan ng mamamayan na maghalal at mahalal. Tinitingnan din nito ang mga pagtatangi at iba pang mga maaaring makahadlang sa paglahok sa halalan dahil sa pulitikal na paniniwala, kasarian, lahi, kulay, pangkat na kinabibilangan o pinagmulan, wika, relihiyon, pag-aari, kapanganakan, at kapansanan. Ang mga resulta ng pag-aaral ng mga lumahok na pangkat sa pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay magbibigay ng makatotohanang impormasyon para sa lahat ng taong interesado sa halalan, kabilang na ang mga iba't ibang partido pulitikal. Ito ay higit na magiging mahalaga sa mga pagkakataong may pagtatalo sa halalan, kung saan ang walang kinikilingang mga pag-aaral ay makatutulong sa paglutas o pag-iwas sa maaaring pagtatalo.

6. Ang pandaigdig na pagsubaybay sa halalan ay ginagawa para sa mga mamamayan ng bansang nagdaraos ng halalan at para sa pandaigdig na pamayanan. Ito ay sumusubaybay sa paraan ng pagdaos ng halalan, hindi sa magiging resulta ng halalan. Susuriin lamang ang mga ulat ng resulta ng halalan ayon sa pagiging makatotohanan, tama, bukas sa publiko, at angkop na panahon ng pag-uulat. Ang bawat pandaigdig na tagasubaybay ay dapat walang kinikilingan sa larangan ng pulitika, pangkabuhayan at iba pang bahagi na maaaring makapagbigay kulay o maka-apekto sa pagsubaybay nang tama at malaya. Dapat din sila makapagbigay ng walang kinikilingan at tamang hinuha ukol sa paraan ng pagdaos ng pamamaraan ng halalan. Ang mga pasubaling ito ay kailangang maisakatuparan ng mga pandaigdig na tagasubaybay sa loob ng itinakdang panahon, kabilang ang araw ng halalan, kung saan may maaaring makaharap na pagsubok sa pagbibigay ng malaya at walang kinikilingang pag-aaral ukol sa halalan. Ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay hindi maaaring tumanggap ng tulong pansalapi o iba pang paraan ng pantustos mula sa pamahalaan ng nagdaraos ng minamasid na halalan. Ang pagtanggap ng anumang uri ng pantustos ay maaaring makaapekto sa malayang pagsubaybay at makaapekto sa tiwala at karngalan sa mga pag-aaral ng pangkat. Ang mga pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay kailangan handang magbigay ng ulat sa mga organisasyon ukol sa pinagmulan ng mga tulong pansalapi kung ang organisasyon ay may sapat at angkop na dahilan sa paghingi ng nasabing kaalaman.

7. Ang mga pangkat ng mga pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay inaasahang makapagbigay ng makatotohanan at walang kinikilingang ulat ukol sa halalan sa madla sa tamang panahon (kabilang na ang pagbibigay ng kopya ng ulat sa mga pamunuan ng halalan at iba pang angkop na pinuno ng pamahalaan), pagpapakita ng kanilang mga ulat at resulta ng pag-aaral at pagbibigay ng angkop na payo na maaaring makatulong sa higit na pagpapabuti ng pagdaos ng halalan. Ang mga pandaigdig na pangkat ay kailangang ipagbigay alam ang kanilang pagsubaybay sa halalan sa publiko, kasama na ang kanilang pakay, mga kabilang sa kanilang pangkat, at panahon ng pamamalagi. May

pagkakataong kailangan magbigay ng misyon ng ulat sa bawat nakatakdang panahon, magbigay ng ulat ukol sa mga namasid ng mga tagasubaybay pagkatapos ng halalan, at magbigay ng huling ulat pagkatapos ng kabuuang proseso ng halalan. Ang mga pangkat ng mga pandaigdig na tagasubaybay ay maaari ring magsagawa ng pansariling pagtitipon kasama ang ibang pangkat na hangad din ang pagpapatupad ng tapat na demokratikong halalan ng isang bansa upang pag-usapan ang mga resulta, hinuha, at payo mula sa pagmamasid ng mga pangkat. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay maaari ring mag-ulat sa kanilang mga pamahalaan at pandaigdig na mga organisasyon.

8. Ang mga organisasyong tatangkilik sa Pahayag, kasama na ang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan, ay pumapayag na makipagtulungan sa bawat isa sa pagsasagawa ng pandaigdig na pagsubaybay. And pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay maaaring isagawa, halimbawa, ng: indibidwal na pandaigdig na mga misyon nga tagasubaybay ng halalan; magkasamang mga misyon o pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan; o coordinated na misyon ng mga pandaigdig na pagsubaybay ng halalan. Sa lahat ng pagkakataon, ang mga organisasyon ay kailangang magsanib sa pagtatrabaho upang higit na mapakinabangan ang ambag ng bawat organisasyon sa pagsasagawa ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan.

9. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat isagawa ayon sa kasarinlan ng isang bansa na magdaraos ng halalan at ayon sa paggalang sa karapatang pantao ng mga mamamayan ng bansa. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat na igalang ang mga batas ng bansang magdaraos ng halalan, kabilang na ang mga pambansang pamunuan, mga nangangasiwa sa magpapatupad ng pamamaraan ng halalan, at kumilos nang may paggalang sa mga karapatang pantao at kalayaan ng mga mamamayan ng bansa.

10. Ang mga misyong pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay kailangang makuha ang suporta ng bansang magdaraos ng halalan, at hindi maaaring makahadlang sa pamamaraan ng halalan.

11. Ang pasiya ng kahit sinong organisasyon na magbuo ng isang pandaigdig na pangkat ng tagasubaybay ng halalan o magsiyasat na magbuo ng isang pangkat ng tagasubaybay ay hindi nangagahulugang ang nasabing organisasyon ay tiyak na ipinapalagay ang pamamaraan ng halalan sa bansang nagsasagawa ng halalan na kapani-paniwala. Ang organisasyon ay hindi maaaring magpadala ng pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan kung ang kanilang pagpunta ay agad na mangangahulugan ng pagiging tapat ng isang maliwanag na hindi demokratikong paraan ng halalan. Sa mga ganoong pagkakataon, ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay dapat magbigay ng ulat sa publiko upang masigurado na ang kanilang pagmamasid sa halalan ay hindi nangangahulugan na tapat ang halalan.

12. Upang maging mabisa at kapanipaniwala ang pagsagawa ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, ang mga alituntunin ay dapat sundin. Samakatuwid, ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay hindi maaaring mabuo hangga't ang bansang magdaraos ng halalan ay:

    a. Nagbibigay ng pag-anyaya o handang tumanggap sa mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ayon sa mga alituntunin nga bawat organisasyon bago maghalalan upang magbigay daan sa pag-aaral ng mga pamamaraan na mahalaga sa paglunsad ng makatotohanang demokratikong halalan;

    b. Sinisiguradong bukas sa mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ang lahat ng pamamaraan ng halalan at lahat ng teknolohiyang gagamitin sa pagdaos ng halalan, kabilang na ang buong pamamaraan ng elektronikong pagboto, nang walang pinapasukang kasunduan na hindi maaaring i-ulat ang anumang teknolohiyang gamit o pamamaraan ng halalan. Dapat din kilalanin ng pambansang pamahalaan na maaaring tukuyin ng mga pandaigdig na tagasubay ng halalan na hindi angkop ang gamit na teknolohiya para sa idaraos na halalan.

    c. Sinisiguradong bukas sa mga pandaigdig na tagasubay ng halalan ang mga taong may kinalaman sa pamamaraan ng halalan, kabilang ang:

        i. Pinuno ng mga halalan sa lahat ng antas, kung may angkop na dahilan,

        ii. Kasapi ng lehislatura at mga pinuno ng pamahalaan at seguridad na kabilang sa paglunsad ng makatotohanang demokratikong halalan,

        iii. Lahat ng mga partido pulitikal, kapulungan, at mga indibidwal na lalahok sa halalan (kabilang na ang mga pinayagang lumahok, hindi pinayagang lumahok, at umurong sa halalan) at ang mga hindi lalahok sa halalan,

        iv. Mga mamamahayag, at

        v. Lahat ng kapulungan at indibidwal na may kinalaman sa matagumpay na pagdaos ng makakatotohanang demokratikong halalan sa bansa.

    d. Sinisigurado ang malayang paggalaw at pag-ikot sa bawat sulok ng bansa ng lahat ng kasapi ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan;

    e. Sinisigurado ang kalayaan ng pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan na magbigay, nang walang panghihimasok, ng mga ulat sa publiko ng mga pag-aaral at payo tungkol sa mga pamamaraan at kaganapan na may kinalaman sa halalan;

f. Sinisigurado na walang pinuno ng pamahalaan, seguridad o halalan ang manghihimasok sa pagpili ng mga indibidwal na tagapagmasid o ng iba pang kasapi ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, o susubok na limitahan ang bilang ng mga tagasubaybay;

g. Sinisigurado ang buo, at pagtanggap sa buong bansa (sa pamamagitan ng pagbigay ng kasulatan na nagbibigay pahintulot sa pagsasagawa ng pagmasid ng halalan) sa lahat ng tao na mapipiling tagasubaybay at sa lahat ng iba pang kasapi ng pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, sa pasubaling ang pangkat ay susunod sa malinaw, makatuwiran at walang-pagtatanging mga alituntunin sa pagtanggap sa mga tagamasid;

h. Sinisigurado na walang pinuno ng pamahalaan, seguridad or halalan ang manghihimasok sa mga gawain ng pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan; at

i. Sinisigurado na walang pinuno ng pamahalaan ang manggigipit o magbabanta ng aksyon laban sa o gagawa ng negatibong aksyon laban sa kahit sinong mamamayan o dayuhan na nagtatrabaho para sa, or tumutulong o nagbibigay impormasyon sa pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ayon sa pandaigdig na alituntunin sa pagmamasid ng halalan.

Bilang bahagi ng pagbuo ng pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, ang mga pamahalaan at pandaigdig na pribadong organisasyon ng mga bansa ay maaaring humiling ng kasulatan sa pamamagitan ng isang Memorandum of Understanding na lalagdaan ng mga pinuno ng pamahalaan o mga pinuno ng halalan na nagpapatibay ng pagtupad sa mga kasunduan at alituntunin. Ang pagsubaybay ng halalan ay isang gawain ng mamamayan, at ang pagsagawa nito sa mga sitwasyon na hindi masisigurado ang seguridad ng mga tagasubaybay, malilimitahan ang ligtas na pagpapadala ng mga tagasubaybay ay makakaapekto sa pagsasagawa ng makatotohanang pamamaraan ng pagsubaybay ng halalan.

13. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat na kumuha o maaaring mangailangan ng pagtanggap sa kanilang misyon ng lahat ng malalaking partido pulitikal.

14. Ang mga pulitikal na kasapi (partido, kandidato, taga-suporta ng mga plataporma) ay may pansariling interes sa pamamaraan ng halalan sa pamamagitan ng kanilang karapatan na mahalal at tahasang lumahok sa pamahalaan. Samakatuwid, marapat na sila ay payagang magmasid ng lahat ng pamamaraan na may kinalaman sa halalan at magmasid sa mga paraan, kabilang na ang pag-gana ng mga electroniko at iba pang teknolohiyang pang-halalan sa loob ng mga presinto kung saan boboto ang mga

mamamayan, bilangan ng mga boto, at iba pang lugar na may kinalaman sa halalan, kasama ang pagdala ng mga balota at iba pang gamit pang-halalan.

15. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat:
    a. Makipag-usap sa lahat ng naglalabang partido pulitikal na bahagi ng pamamaraan ng halalan, kabilang ang lahat ng kinatawan ng mga partido pulitkal o mga kandidato na maaaring may kaalaman ukol sa karangalan ng pamamaraan ng halalan;

    b. Tumanggap ng kaalaman mula sa kanila tungkol sa pinagmulan ng pamamaraan ng halalan;

    c. Pag-aralan ang mga kaalaman nang malaya at walang-kinikilingan; at

    d. Pag-aralan, bilang mahalagang bahagi ng pandaigdig na pagmamasid ng halalan, kung ang mga naglalabang pulitikal ay nagbigay ng pagkakataon na masuri ang karangalan ng lahat ng bahagi at antas ng pamamaraan ng halalan nang walang pagtatangi. Ang mga payo ng mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay maaaring nasusulat o inuulat sa iba't ibang yugto ng pamamaraan ng halalan. Ang mga payo ay dapat itinataguyod ang pagtanggal ng anumang walang kapararakang pagbabawal o panghihimasok ng mga magkakalaban sa pulitika upang mabantayan at masigurado ang karangalan ng mga pamamaraan ng halalan.

16. Kinikilala sa buong daigdig ang karapatan ng mga mamamayan na mapabilang at makilahok sa pampamahalaan at pampublikong kaganapan sa kanilang bansa. Ang mga karapatang ito ay maaaring magamit sa pamamagitan ng mga pribadong organisasyon na nagmamasid ng lahat ng pamamaraan na may kinalaman sa halalan at sumusubaybay ng mga pamamaraan, kasama na ang tamang pag-gana ng mga electroniko at iba pang teknolohiyang panghalalan sa loob ng mga presinto kung saan bumoboto, bilangan ng mga boto, at iba pang lugar na may kinalaman sa halalan, pati na ang pagdala sa mga balota at iba pang gamit pang-halalan. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat mag-aral at mag-ulat kung ang mga lokal na walang-kinikilingang nagmamasid ng halalan at mga organisasyong sumusubaybay ng halalan ay nakapagsagawa ng kanilang mga pagsubaybay nang walang pagtatangi, walang panghihimasok, at hindi makatarungang pagbabawal. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat isulong ang karapatan ng mga mamamayan na magsagawa ng lokal na walang kinikilingang pagsubaybay nang walang hindi makatarungang pagbabawal or panghihimasok, at sa kanilang rekomendasyon, tukuyin kung paano matatanggal ang anumang hindi makatarungang pagbabawal o panghihimasok.

17. Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat kumilala at magtatag ng takdang pakikipag-ugnayan at pakikipag-usap, kung kinakailangan at nararapat, sa mga kinikilala at pinagkakatiwalaang lokal at walang kinikilingang organisasyon na sumusubaybay sa

halalan. Ang mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay dapat na mangalap ng kaalaman mula sa mga natukoy na lokal na organisasyon ukol sa pamamaraan ng halalan. Matapos ang malayang pagsusuri ng kaalaman na binigay ng mga natukoy na organisasyon, ang kanilang mga pagsusuri ay makapagbibigay ng mahalagang pananaw at kapupunan sa mga pag-aaral ng mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay, bagamat mananatiling malaya at walang kinikilingan ang mga pandaigdig na tagasubaybay. Ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay, samakatuwid, dapat magsagawa ng makatuwirang pagsisikap na sumangguni sa mga natukoy na lokal na organisasyon na nagmamasid ng halalan bago maglabas ng anumang pahayag.

18. Ang mga organisasyon ng mga pamahalaan at mga pandaigdig na pribadong organisasyon na nagpapatupad ng mga Pahayag dito ay kinikilala na mayroon nang matibay na paglawig ng pagtatatag ng mga pamantayan, prinsipyo, at mga pangako sa pagpapatupad ng makatotohanang demokratikong halalan. Ang mga organisasyong ito ay nangangako rin na maghahayag ng kanilang prinsipyo sa pagbibigay ng pagmamasid, pagpasiya at hinuha tungkol sa kalagayan ng pamamaraan ng halalan at nangangako na maging bukas tungkol sa mga prinsipyo at paraan ng pagsubaybay ng ginagamit.

19. Ang mga organisasyon ng mga pamahalaan ng mga bansa at mga pribadong organisasyon na nagpapatupad ng mga Pahayag dito ay kumikilala na may iba't ibang mapagkakatiwalaang pamamaraan ng pagsubaybay sa mga proseso ng pamahalaan at nangangako na ibabahagi ang mga pamamaraan at pagtutugmain ang iba't ibang pamamaraan ayon sa naangkop. Kinikilala rin nila na ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay dapat may sapat na bilang ng kasapi upang makapagbigay ng malaya at walang kinikilingang pahayag tungkol sa uri at kalagayan ng pamamaraan ng halalan sa isang bansa at dapat sinasagawa sa sapat na haba ng panahon upang malaman ang kalagayan ng lahat ng mga mahalagang bahagi ng pamamaraan ng halalan (bago mag-halalan, sa araw ng halalan, at pagkatapos ng halalan) – maliban lamang kung ang pagsubaybay ay nakatutok lamang at magbibigay pahayag lamang sa isa o limitadong bilang ng bahagi ng pamamaraan ng halalan. Kinikilala rin nila na mahalaga na hindi ibukod o hindi bigyang diin ang pagmamasid sa araw mismo ng halalan, at ang mga nasabing pagsubaybay ay dapat ilagay sa kahulugan ng buong pamamaraan ng halalan.

20. Ang mga organisasyon ng mga pamahalaan at mga pandaigdig na pribadong organisasyon na nagpapatupad ng Pahayag ay kinikilala na ang mga pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan ay kabibilangan ng mga kasapi na may iba't ibang uri ng kaalamang pulitikal at propesyunal, may nasubok na karangalan upang magmasid at magbigay hatol sa mga pamamaraan ayon sa kanilang: kadalubhasaan sa mga pamamaraan at mga natatag na prinsipyo ng halalan; pandaigdig na karapatang pantao; iba't iba at pagpaparisan na mga batas ng halalan at mga gawaing pamamahala (kabilang na ang paggamit ng kompyuter at iba pang tekonolohiyang panghalalan); mga

pamamaraang pulitikal at mga kakaibang pamamaraang pinapatupad lamang ng mga iba't ibang bansa. Ang mga organisasyon na magpapatupad ng Alituntunin ay kinikilala rin ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba ng mga kasarian sa pagbuo ng mga kasapi at pamumuno ng mga pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, pati na ang pagkakaiba-iba ng pagkamamamayan o kinabibilangang bansa ng mga kasapi ng pangkat.

21. Ang mga pampamahalaan at pandaigdig na pribadong mga organisasyon na magpapatupad ng Pahayag ay nangangako na:

    a. Ipaaalam sa mga kasapi ng mga pangkat na magsasagawa ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ang mga prinsipyo ng pagbibigay ng tapat at tamang kaalaman at ng hindi pagkiling sa mga pulitikal na bahagi ng halalan kapag magbibigay ng hatol at hinuha;

    b. Magbibigay ng mga takdang katungkulan o ng kahalintulad na kasulatan na nagpapaliwanag ng layunin ng misyon o pangkat;

    c. Magbibigay ng kaalaman ukol sa may kaugnayan na mga pambansang batas at alituntunin, pangkalahatang pampulitikang kalagayan at iba pang mga bagay-bagay, kabilang na ang mga may kaugnayan sa seguridad at kaligtasan ng mga tagasubaybay;

    d. Turuan ang lahat ng kasapi sa pagsubaybay ng halalan ng mga pamamaraan na gagamitin; at

    e. Atasan ang lahat ng kasapi sa pagsubaybay ng halalan na basahin at ipangako na susunod sa mga Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan, na nakapaloob dito sa Pahayag at maaaring baguhin nang kaunti nang hindi pinapalitan ang diwa upang umakma sa mga kinakailangan ng organisasyon, o mangako na sumunod sa isang umiiral na Altituntunin ng organisasyon na halos pareho sa nakapaloob na Alituntunin ng Tamang Pag-Asal.

22. Ang mga pampamahalaan at mga pandaigdig na pribabdong organisasyon na nagpapatupad nitong Pahayag ay nangangako na sisikapin na sumunod sa mga tuntunin ng Pahayag at ng nakapaloob na Alituntunin ng Tamga Pag-Asal para sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan. Anumang oras na ang isang organisasyon ay kakailanganing hindi tuparin ang anumang tuntunin ng Pahayag o ng kasamang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal upang makapagmasid ng halalan na tinakda ng Pahayag, ipapaliwanag ito ng organisasyon sa kanilang mga pampublikong pahayag at dapat maging handa na sagutin ang anumang angkop na mga katanungan mula sa ibang sumusunod sa mga tuntunin na mga organisasyon at ipaliwanag kung bakit kailangan nilang gawin ang bagay na iyon.

23. Ang mga nagpapatupad na organisasyon ay kinikilala na ang mga pamahalaan ay nagpapadala ng mga pangkat ng tagasubaybay ng halalan sa ibang bansa at may ibang pangkat din na sumusubaybay ng mga halalan. Ang mga organisasyon ay kikilalanin ang ibang tagamasid na susunod – sa panahong iyon – sa Pahayag at sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan.

24. Ang Pahayag na ito at ang kasamang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan ay inilaan upang maging teknikal na mga kasulatan na hindi nangangailangan ng pagkilos ng mga pampulitikal na pangkat ng mga kumikilalang organisasyon (tulad ng mga pulitikal na pagpupulong, mga konseho, o mga direktor ng pangasiwaan), bagamat ang pagkilala ng mga kinauukulan ay tatanggapin. Ang Pahayag na ito at ang kasamang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa mga Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan ay nananatiling bukas sa pagkilala ng ibang pandaigdig na organisasyong pampamahalaan. Ang pagkilala ay dapapt na nakatala sa United Nations Electoral Assistance Division.

ALITUNTUNIN NG TAMANG PAG-ASAL
PARA SA PANDAIGDIG NA TAGASUBAYBAY NG HALALAN

Ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan ay tanggap sa buong mundo. Ito ay pinapangasiwaan ng mga kinatawan ng mga pamahalaan at pribadong organisasyon ng iba't-ibang bansa upang magbigay ng patas at wastong pagsusuri sa uri ng pamamaraan ng halalan para sa pakinabang ng mga mamamayan sa bansang pinagdausan ng halalan at para sa pakinabang ng pandaigdigang pamayanan. Malaki, samakatuwid, ang nakasalalay sa pagtiyak na marangal ang pandaigdig na pagsubaybay ng halalan, at ang lahat ng kasapi sa pagsubaybay, kabilang ang mga pangmatagalan at panandaliang tagasubaybay, kasapi ng mga tagapagsiyasat, mga pangkat ng mga dalubhasang tagamasid, at mga pinuno ng pangkat, ay dapat umayon at sumunod sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal.

Igalang ang Kasarinlan at ang Pandaigdigang Karapatan ng Tao
Ang halalan ay tanda ng kasarinlan ng mga mamamayan ng isang bansa. Ito ay isang malayang pamamahayag na siyang batayan ng kapangyarihan at pagkakakilanlan ng isang pamahalaan. Ang karapatan ng mga mamamayan na maghalal at maihalal sa isang tapat na halalan ay kinikilalang karapatang pangtao sa buong daigdig, at nangangailangan ng pagtupad ng ilan sa mga saligang karapatan at mga kalayaan. Ang mga tagasubaybay ng halalan ay dapat gumalang sa kasarinlan ng may anyayang bansa, at maging sa karapatang pantao at mga saligang kalayaan ng kanyang mga mamamayan.

Igalang ang mga Batas ng Bansa at ang Kapangyarihan ng mga Kinatawan ng Halalan
Ang mga tagasubaybay ng halalan ay dapat gumalang sa mga batas ng bansang may anyaya at sa kapangyarihan ng mga kinatawan na namamahala sa pagtaguyod ng halalan. Ang mga tagasubaybay ay dapat sumunod sa mga tagubiling alinsunod sa batas mula sa pamahalan, at mga alagad ng pamahalaan na nagpapatupad ng seguridad at halalan. Ang mga tagasubaybay ay dapat magpanatili ng isang magalang na pakikitungo sa mga nangangasiwa ng halalan at sa iba pang mga alagad ng pamahalaan. Dapat punahin ng mga tagasubaybay kung ang mga batas, tuntunin o mga pagkilos ng pamahalaan at / o ng mga tagapangasiwa ng halalan ay labis na nagiging pabigat o humahadlang sa pagpapatupad ng mga karapatang may kinalaman sa halalan na nakapaloob sa alituntunin ng pamahalaan, saligang batas, o mga naaayong mga pandaigdigang pamamaraan.

Igalang ang Karangalan ng Pangkat ng Pandaigdig Na Pagsubaybay ng Halalan
Dapat igalang at ipagtanggol ng mga tagasubaybay ang karangalan ng pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan. Kabilang dito ang pagsunod sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal, mga nakasulat na tagubilin (gaya ng mga takdang katungkulan, panuto at patnubay) at alin mang kautusang hango sa binitiwang salita mula sa mga pamunuan ng pangkat ng mga tagasubaybay ng halalan. Ang mga tagasubaybay ay dapat: dumalo sa lahat ng pulong, pag-aaral at pagsasanay ng mga kasapi ng pangkat ng mga tagasubaybay ng

halalan; maging bihasa sa mga batas ng halalan, tuntunin at iba pang mga angkop na batas ayon sa pag-utos ng pangkat ng tagasubaybay; at masinop na umayon sa mga pamamaraang gamit ng pangkat ng tagasubaybay ng halalan. Dapat ipaalam ng mga tagasubaybay sa pamunuan ng pangkat kung mayroong mga salungat na pananagutan at anumang hindi angkop na pagkilos at pag-asal na kanilang mapupuna sa ibang mga kasamahan sa pangkat.

Mahigpit na Manatiling Walang Kinikilingang Politikal sa Lahat ng Pagkakataon
Dapat na mahigpit na manatiling walang kinikilingang politikal ang mga tagasubaybay sa lahat ng pagkakataon, kabilang ang mga malalayang oras sa labas ng trabaho sa may anyayang bansa. Hindi sila dapat magpahayag o magpakita ng pagkiling o pagkatig sa pikikitungo sa mga nanunungkulan sa pamahalaan, mga partidong politikal, mga kandidato, mga paksang pagbobotohan ng bayan o mga pinagtatalunang usapin ukol sa pamamaraan ng halalan. Ang mga tagasubaybay ay hindi dapat gumawa ng anumang hakbang na maaaring mahiwatigang pagkiling o pagbigay pakinabang sa isang panig para sa isang nakikipagtunggali sa politika sa may anyayang bansa, gaya ng pagsuot o pagpapakita ng mga sagisag, kulay, bandera o pagtanggap ng anumang bagay na may halaga mula sa mga nakikipagtunggali sa politika.

Huwag Hadlangan ang mga Pamamaraan ng Halalan
Ang mga tagasubaybay ay hindi dapat humadlang sa anumang bahagi ng pamamaraan ng halalan, kabilang dito ang mga gawain bago mag halalan, botohan, pagbilang at pagtala ng resulta at mga kaganapan matapos ang araw ng halalan. Ang mga tagasubaybay ay maaaring ipagbigay alam ng agaran sa mga tagapangasiwa ng halalan ang anumang katiwalian, pandaraya o mahalagang suliranin, maliban na lamang kung ito ay ipinagbabawal ng batas, at dapat isagawa sa paraang hindi nakakasagabal o nakakahadlang. Ang mga tagasubaybay ay maaring magtanong sa mga tagapangasiwa ng halalan, mga kinatawan ng mga partidong politikal, at mga ibang tagasubaybay sa loob ng isang presinto at maaaring sumagot ng mga katanungan ukol sa kanilang mga gawain, kung hindi ito makakasagabal sa mga kaganapan ng halalan. Sa pagsagot sa mga katanungan, ang mga tagasubaybay ay hindi dapat magtangkang mamahala ng halalan. Ang mga tagasubaybay ay maaring magtanong at sumagot ng katanungan ng mga botante ngunit hindi nila maaaring itanong kung sinong kandidato, partido o paninindigan sa mga paksang pagbobotohan ang kanilang pinili.

Magbigay ng Nararapat na Pagkakakilanlan
Ang mga tagasubaybay ay dapat magpakita ng pagkakakilanlan *na ipinagkaloob ng pangkat ng* tagasubaybay ng halalan, at pagkakakilanlan na ipinag-uutos ng pamahalaan, at dapat ipakita sa mga tagapangasiwa ng halalan at iba pang mga kinauukulan kung ito ay hilingin.

Panatilihin ang Ganap na Kawastuan sa Pagsaksi at sa Paghango ng Hinuha
Dapat tiyakin ng mga tagasubaybay na ang lahat ng kanilang napagsiyasat ay ganap na wasto. Dapat ay malawak ang saklaw ng pagsiyasat, pinupuna ang mga mabuti at hindi magandang bahagi, makilala ang mga mahalaga at hindi mahalagang bahagi at kilalanin ang mga umuulit na kaganapan na may kahihinatnang makabuluhan sa karangalan ng

pamamaraan ng halalan. Ang paghuhusga ng tagasubaybay ay dapat ibatay sa pinakamataas na antas ng kawastuan ng kaalaman at kawalan ng kinikilingan sa pagsusuri, at sapat na kinikilala ang mga pansariling panig na tangi sa mga katibayang malaya sa pagkiling sa anumang panig. Dapat ihango ng mga tagasubaybay ang kanilang mga palagay at pagpapasiya sa makatotohanan at mga mapapagtunay na katibayan at hindi dapat agarang humusga. Ang mga tagasubaybay ay dapat masinop magtala kung saan sila nagmasid, ang lahat ng kanilang nabatid at iba pang mga kaugnay na kaalaman na siyang hinihingi ng pangkat ng tagasubaybay ng halalan at dapat ibahagi ang mga ito sa lupon.

Magtimping Maglahad ng Kuro sa Madla o sa mga Mamamahayag Bago Magbigay Pahayag ang Pangkat

Dapat magtimpi ang mga tagasubaybay sa paglahad ng mga pansariling kuro-kuro tungkol sa kanilang mga napagmasid o napaghinuha sa mga mamamahayag o sa madla bago magbigay ng pahayag ang pangkat, maliban na lamang kung sadyang inatasan ng pamunuan ng pangkat ng tagasubaybay. Maaring ipaliwanag ng mga tagasubaybay ang katangian ng pangkat ng tagasubaybay, ang mga gawain nito at iba pang mga bagay na angkop sa palagay ng pangkat ng tagasubaybay at dapat isangguni ang mga mamamahayag o iba pang mga may kaugnayang tao sa mga napiling tagapahayag ng pangkat ng tagasubaybay.

Makipagtulungan sa Ibang mga Tagasubaybay ng Halalan

Batid dapat ng mga tagasubaybay ang iba pang mga pangkat ng tagasubaybay ng halalan, kapwa pandaigdig at pansariling bayan, at makipagtulungan sa kanila ayon sa tagubilin ng pamunuan ng pangkat ng tagasubaybay ng halalan.

Panatilihin ang Wastong Pag-asal

Dapat panatilihin ng mga tagasubaybay ang wasto at karapat-dapat na asal at paggalang sa iba, kabilang ang pagpapakita ng pang-unawa sa kultura at kaugalian ng bansang may anyaya, gumamit ng wastong pasiya sa mga pansariling pakikipag-ugnayan at manatiling matapat sa pinakamataas na antas ng pag-aasal sa lahat ng pagkakataon, kabiliang na ang kanilang malalayang oras.

Paglabag sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal

Sa pagkakataong may pagkabahala sa maaring paglabag sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal, ang pangkat ng tagasubaybay ng halalan ay magsasagawa ng pagsisiyasat ukol dito. Kung mabigat ang paglabag na mapag-aalamang naganap, ang may kinalamang tagasubaybay ay maaaring bawian ng pahintulot bilang tagasubaybay o wakasan ang panunungkulan sa pangkat ng tagasubaybay ng halalan. Ang kapangyarihan para gumawa ng nasabing pasiya ay nakasalalay sa pamunuan ng pangkat ng tagasubaybay ng halalan.

Pangako na Sundin ang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal

Dapat mabasa at maunawaan ng lahat ng lalahok sa pangkat ng tagasubaybay ng halalan ang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal at dapat lumagda ng pangako upang sundin ito

PANUNUMPA KASAMA ANG ALITUNTUNIN NG TAMANGPAG- ASAL PARA SA PANDAIGDIG NA TAGASUBAYBAY NG HALALAN

Aking nabasa at naunawaan ang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan na ibinigay sa akin ng pangkat ng pandaigdig na tagasubaybay ng halalan. Sa pamamagitan nito ay aking isinusumpa na ako ay susunod sa mga Alituntinin ng Tamang Pag-Asal at ang lahat nang aking pagkilos ay naaayon dito. Wala akong anumang salungat na pananagutang pampulitikal, pangkabuhayan o anu pa man, na makakahadlang sa aking kakayahang maging isang tagasubaybay ng halalan na walang kinikilingan at sa pagsunod sa Alituntunin ng Tamang Pag-Asal.

Mahigpit kong pananatilihin ang kawalan ng kinikilingang pangpolitikal sa lahat ng panahon. Ang aking mga pagpapasiya ay batay sa pinakamataas na antas ng kawastuan ng kaalaman at patas na pagsusuri, may sapat na pagkilala sa pansariling panig na tangi sa mga katibayang malaya sa pagkiling, at aking ihahango ang aking mga pasiya sa wasto at mapapatotohanang mga katibayan.

Hindi ako hahadlang sa anumang mga pamamaraan ng halalan. Igagalang ko ang pambansang batas at ang kapangyarihan ng mga nangagasiwa ng halalan at aking pananatilihin ang isang magalang na pakikitungo sa mga may katungkulan sa halalan at sa iba pang mga pinuno ng pamahalaan. Igagalang at itataguyod ko ang karapatang pantao at ang saligang kalayaan ng mga mamamayan ng bansa. Papanatilihin ko ang wastong pagkilos at igagalang ang iba, kabilang ang pagpapakita ng pang-unawa sa kultura at kaugalian ng bansang may anyaya, paggamit ng angkop na pagpapasiya sa mga pansariling pakikitungo at ang pagiging tapat sa pinakamataas na antas ng pag-asal sa lahat ng pagkakataon, kabilang ang malalayang oras.

Ipagtatanggol ko ang karangalan ng pangkat ng pandaigdig na pagsubaybay ng halalan at aking susundin ang mga tagubilin ng pangkat ng tagasubaybay. Ako ay dadalo sa lahat ng pulong, pag-aaral at pagsasanay na itinakda ng pangkat ng tagasubaybay ng halalan at makikipagtulungan sa paglikha ng mga pahayag at ulat na hinihiling. Ako ay magtitimpi sa pagbigay ng mga pansariling pahayag, mga nasaksihan o hinuha sa mga mamamahayag o sa madla bago magbigay ng pahayag ang pangkat ng tagasubaybay ng halalan, maliban na lamang kung sadyang naatasan ng pamunuan ng pangkat ng tagasubaybay.

Lagda_____

Pangalan_____

Petsa _____

PAGKILALA SA MGA DAPAT PASALAMATAN

Ang Pahayag ng Prinsipyo para sa Pandaigdig na Pagsubaybay ng Halalan at ang Alituntunin ng Tamang Pag-Asal para sa Pandaigdig na Tagasubaybay ng Halalan ay binuo sa isang pamamaraang sakop ang maraming taon at kaakibat ang mga kinatawan ng mga pamahalaan at mga pribadong mga organisasyon sa iba't-ibang bansa na nagtataguyod ng pagsubabay ng halalan sa buong mundo.

Nagsimula ang pagkilos sa isang impormal na tipon noong 2001 sa pagsusumikap ng National Democratic Institute for International Affairs (NDI) at ng United Nations Electoral Assistance Division (UNEAD) at kabilang dito ang unang pagtitipon sa UN sa New York at ang tipon sa Washington sa paanyaya ng OAS at NDI.

Mula dito, ang UNEAD, The Carter Center, at ang NDI ay nagbuo ng magkaugnay na kalihiman at inilunsad ang pormal na bahagi ng pagkilos noong Oktubre 2001 sa isang pulong na ginanap sa The Carter Center sa Atlanta. Ito ay sinundan ng pagtitipon noon Setyembre 2001 sa Brussels, kung saan ang European Commission ay gumanap na may anyaya. Isang pagsasangguni ang naganap sa mga kalahok na organisasyon na siyang sumapit sa pagbuo ng isang napagsang-ayunang kasulatan na inihandog para mapagtibay simula ng Hulyo 2005.

Kabilang sa kalihiman ay sina Carina Perelli at Sean Dunne para sa UNEAD, David Caroll, David Pottie at Avery Davis-Roberts para sa The Carter Center, at Patrick Merloe at Linda Patterson para sa NDI. Ang mga kasapi ng kalihiman ay naghanda ng kasulatan, sa pamumuno ni Ginoong Merloe, hango sa mayamang mapagkukunan ng mga kasulatang galing sa mga organisasyong nagtataguyod ng pagsubaybay ng halalan. Sa ganitong pamamaraan, nakatanggap ang kalihiman ng mga mapanuring palagay at pahayag mula sa mga kasaping organisasyon.

Ang pagkilos ay tinustusan ng tulong pansalapi mula sa United Nations, ang United States Agency for International Development (USAID), ang European Commission, ang Republic of Germany at ng Starr Foundation, at mga taong personal na nag-ambag.